

# P3 billion fuel subsidy sa PUVs -drivers, operators inilabas na ng DBM

MANILA, Philippines — Matatanggap na ng mahigit 1.36 milyong mga tsuper at operator ang hinihintay na fuel subsidy mula sa gobyerno matapos aprubahan ng Department of Budget and Management (DBM) ang P3 bilyong pondo para sa programa.

Ayon kay DBM Secretary Amenah Pangan-daman, ang fuel subsidy ay tulong pinansyal ng pamahalaan sa mga tsuper at operator na appektado ng linggu-linggong pagtataas sa presyo ng produktong petrolyo.

Ayon sa kalihim, mahigpit ang bilin ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa DBM na huwag pabayaang ang mga mang-gagawa sa transport sector at siguruhing mabibigyan ng sapat na tulong mula sa gobyerno.

Dapat Agosto pa aniya naipalabas ang pondo subalit may mga kulang na dokumentong isinumite ang Department of Transportation (DOT) at nito lamang September 4 na-kumpleto ng ahensya ang mga dokumento.

Napag-alam naman na ang tumukoy sa mga benepisyaryo ay ang Land Transportation Fran-



chising and Regulatory Board (LTFRB) at Department of the Interior and Local Government (DILG).

Tiniyak naman ng Department of Transportation (DOT) na mamadaliin nila ang pagpapalabas ng fuel vouchers para sa PUV drivers.

Nabatid na inatasan na ni DOT Secretary Jaime Bautista ang LTFRB na kaagad ipama-hagi ang fuel assistance sa sandaling mai-download sa ahensiyang naturang pondo.

Kabilang sa

makatatanggap ng one time fuel subsidy ang mga drayber at operator ng Modernized Utility Vehicle Express (MUVE): P10,000; Traditional PUJ: P6,500; Traditional UVE: P6,500; Public Utility Buses (PUB): P6,500; Minibuses: P6,500; Taxis: P6,500; Shuttle Services: P6,500; Transport Network Vehicle Services: P6,500; Tourist Transport Services: P6,500; School Transport Services: P6,500; Filcabs: P6,500; Tricycles: P1,000; Delivery Services: P1,200.

**PAHAYAGAN NG**  
*Kabitenyo*  
ISSN-1656-0558  
VOL. 22 NO. 29      SEPTEMBER 11 - 17, 2023      P15.00

## Purchase slip booklet sa senior citizens ipatigil na Giit sa DOH.. Giit sa DOH..

MANILA, Philippines — Hinikayat ni Baguio City Rep. Mark Go ang Department of Health (DOH) na ipatigil na ang implementasyon ng purchase slip booklet bilang mandatory requirement para makakuha ng discount ang mga senior citizens sa pagbili ng mga gamot at iba pang goods.



Tinukoy sa House Resolution 1263 ni Go na ang Republic Act (RA) 7432 o Senior Citizens Act at ang amyenda ritong RA 9257 at RA 9994 o ang

Expanded Senior Citizens Act of 2003 at 2010 ay nagkakaloob sa mga senior citizens ng 20% discount mula sa lahat ng transport services, hotels, lodging

establishments, restaurants, recreation centers at medisina.

Noong 2010 ay nag-isyu ang DOH ng Administrative Order na nagtatakda ng panuntunan sa 20% discount sa pagbili ng mga gamot ng senior citizens bilang mandatory na rekisitos na ipiprinta sa lahat ng mga hospital at maging sa mga medicine retail outlet.

Gayunman noong 2012 ay nag-isyu ng panibagong AO na nagtatakda naman ng panuntunan sa

**See page 2...**

## 5 day 'compassionate leave' sa mga empleyado, ipasa na

MANILA, Philippines — Ipinamamadali ni 6th District Isabela Rep. Inno Dy na ipasa na ang panukalang 5 araw na 'compassionate leave' sa mga empleyado sa pampubliko at pribadong sektor.

Alinsunod sa House Bill 8822 sakaling mapagtibay bilang batas, ang 'compassionate leave' ay ipagkakaloob sa mga empleyado sa mga kritikal na pagkakataon tulad ng matinding pagkakasakit, pagkamatay ng miyembro ng pamilya o kamaganak hanggang sa ikatlong degree ng pagkakaugnay sa dugo o lahi.

Ang mga empleyado na nakapagserbisyo na ng hanggang anim na buwan ang mabebenepisyuhan sa 5 araw na compassionate leave na hindi puwedeng mai-convert sa pera.

"The compassionate leave will be given in addition to employees current leave benefits under existing laws and regulations," ani Dy.

Sa kasalukuyan ay isinasailalim na ang panukala sa deliberasyon sa House Committee on Labor and Employment. "Umaasa po tayo na sa tulong ng deliberasyon sa komite ay mapabuti pa natin ang panukala upang maging mas epektibo ito at tunay na makatulong sa mga kababayan natin," sabi pa ni Dy.



isting laws and regulations," ani Dy.

Sa kasalukuyan ay isinasailalim na ang panukala sa deliberasyon sa House Committee on Labor and Employment. "Umaasa po tayo na sa tulong ng deliberasyon sa komite ay mapabuti pa natin ang panukala upang maging mas epektibo ito at tunay na makatulong sa mga kababayan natin," sabi pa ni Dy.

**PAHAYAGAN NG**  
*Kabitenyo*  
ISSN-1656-0558  
VOL. 22 NO. 29      SEPTEMBER 11 - 17, 2023      P15.00

## Minimum wage hike sa Region IV-A, itinaas

MANILA, Philippines — Pinagbigyan ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board sa Region IV-A (CALABARZON) ang pagtataas sa 'minimum wage' sa mga pribadong kumpanya sa pagpapalabas ng Wage Order No. IVA-20 nitong Setyembre 1.

Sa ilalim nito, naitaas mula P385 tungo sa P520 ang minimum wage sa 'non-agriculture sector', P385 tungo sa P479 sa agriculture sector, at P385 para sa mga retail at service na mga establisimiyento na mayroong hindi hihigit sa 10 tauhan.

Ang mga nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura sa mga siyudad ng Calaca at Carmona ay maging sa mga medicine municipalities.



P89 makaraan ang reklasipikasyon ng mga lugar bilang component cities mula sa pagiging first class municipalities.

Inaprubahan ang wage order nitong Setyembre 5 ng National Wages and Productivity Commission.

**See page 6...**

## Pa-expire nang driver's licenses 'extended' ang bisa' hanggang 2024

MANILA, Philippines — Inanunsyo ng Land Transportation Office (LTO) na extended ang validity o bisa ng mga lisensyang may expiration date mula April 3, 2023 hanggang April 1, 2024.



Binanggit sa isang abiso mula sa Facebook page ng LTO nitong Huwebes na dahil ito sa kakulangan sa supply ng plastic cards.

Extended tuloy ang validity ng mga nasabing lisensya hanggang April 2, 2024 o hanggang sa magkaroon nang sapat na supply ng plastic card.

"We have an automatic extension to those whose license expired from April 3, 2023 until April 1, 2024.

It's deemed extended automatically," sabi ni LTO head Vigor Mendoza II sa panayam sa Rappler.

"No need to go to the LTO. No need to pay anything."

Sinabi rin na walang multang ipataw sa paggamit ng mga nasabing lisensya.

Maaari rin daw gamitin na pansamantalang lisenya ang resibong matatanggap kung sakaling magrenew nito.

Kailangan lamang daw itong matatakan ng "Valid as Temporary Driver's License Until Plastic Card is Released" at makita ang mga sumusunod:

- Pangalan ng Issuing Office, Contact Personnel/Cellphone No./email address;
- Pangalan at pirma ng releasing officer; at

- Screenshot ng driver's license card

## Urban, peri-urban agriculture ng DA4A, suportado ng RAFC-4A

Inilatag ng 49 miyembro ng Regional Agricultural and Fishery Council (RAFC) IV-A ang dalawang resolusyong magtatatag at magpapalawig ng implementasyon ng National Urban and Peri-urban Agriculture Program (NUPAP), sa naganap na AFC Benchmarking and Consultative Workshop Cum Expository Tour on UPA sites in CALABARZON, noong Agosto 29-30, 2023, sa Mabitac, Laguna.



Ang RAFC ay ang binubuo ng mga kintawang ng pribadong sektor ng agrikultura at isa sa mga katuwang ng Department of Agriculture IV-CALABARZON (DA-4A) sa pag-

papaunlad ng industriya ng pagsasaka sa rehiyon.

Bilang pagkilala ng lupon sa papel ng programa bilang isa sa mga susi ng pagkamtan ng food security, inirekomenda

ng pamunuan sa pangunahina ni RAFC Chairperson Flordeliza Malcon, ang pagsasagawa ng malawakang oryentasyon para sa Farmers' Cooperatives, and Associations at ang ang pagtatag ng community gardens sa rehiyon. Ito ay matapos na maibahagi sa RAFC ang estado at implementasyon ng NUPAP sa rehiyon; at ang sistema at benepisyong ng pagsasagawa ng Community and Urban Gardening na ipipresenta ni

**See page 6...**

## UPDATING AT PROCESSING NG PHILHEALTH MEMBERSHIP HANDOG NG CHO

Ang Pamahalaang Lungsod ng Carmona, sa pamamagitan ng City Health Office katuwang ang Philhealth Trece Martires Office, ay magbibigay ng assistance sa ating komunidad para sa pagproseso ng Philhealth membership na gaganapin sa SETYEMBRE 12, 2023, MARTES, 9:00 AM - 2:00 PM, sa CARMONA COMMUNITY CENTER.

**PhilHealth**  
**UPDATING AND PROCESSING OF PHILHEALTH MEMBERSHIP**  
SEPTEMBER 12, 2023, TUESDAY  
BRING THE FOLLOWING:  
VALID ID  
BIRTH CERTIFICATE  
MARRIAGE CERTIFICATE (IF APPLICABLE)

Layon ng programang ito na mabigyan ng wastong kaalaman ang bawat miyembro sa mga benepisyong kanilang makukuha bilang PhilHealth member. Kalakip sa serbisyon ibibigay ay ang mga sumusunod:

- Pagreregistro ng mga
- Pagdadagdag ang miyembro ng dependent
- Magpapalit ng apelyido o magpapa-update ng personal na impormasyon ng member
- Issuance ng Philhealth ID
- Issuance ng MDR

sulta services

Mangyari lamang po na magdala ng mga kinakailangang dokumento para sa pagrehisto o pag-update ng records: Valid ID, Birth certificate Description, at Marriage certificate. Para sa karagandang katanungan, maaari pong tumawag sa (046) 443-5397 o kaya naman ay magtext sa 0922-832-0141.

hindi pa miyembro ng Philhealth

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

• Pagreregistro sa E-Kon-

**HOTEL**      ホテル ソウゴ  
**SOGO**

**MOTORIST ADVISORY**  
GIRDER LAUNCH AT CAVITEX R1 PARAÑAQUE

FROM 10PM TO 4AM ON THE FOLLOWING DATES:  
**MANILA BOUND - SEPTEMBER 15 to 19, 2023**  
**CAVITE BOUND - SEPTEMBER 19 to 25, 2023**

Counterflow lane will be activated during girder launch.

**DRIVE SAFELY!**      **CAVITEX**      **HOTLINE: 1-35000**

## PAYO NI DOC ONG

### Mga benepisyong ng Apple cider vinegar at iba pa



- Para sa diabetes—Ang pag-inom ng sukang puti (Apple cider vinegar) ay maaaring magpapaba ng asukal sa dugo. Ayon sa pagsusuri ni Dr. Carol Johnston ng Department of Nutrition sa Arizona State University, ang pag-inom ng dalawang kutsarantang sukang puti na inihalo sa isang basong tubig bago kumain ay makapipigil sa biglang pagtaas ng blood sugar pagkatapos kumain. Nakatulong ito sa mga taong may diabetes o kahit sa normal na tao. Ayon kay Dr. Johnston, ang acetic acid ng suka ay posibleng pumipigil sa pagtunaw ng carbohydrate na ating kinain. Dahil dito, hindi na ito maa-absorb ng ating katawan at maidudumi na lang.
- Para pumayat—Sa research pa ni Dr. Johnston, kung saan 30 katao ay uminom ng dalawang kutsarang sukang puti, kasama ang kanilang pagkain sa tanghalian at hapunan. Pagkatapos ng apat na linggo, nakita niyang pumayat ng two pounds ang lahat ng sumubok nito. May iilan pa nga ang pumayat ng four pounds. Babala: Ang purong suka ay matapang at acidic. Kapag hindi ito hinaluan ng tubig o pagkain, puwede itong makasira ng lalamunan, ipin at sikmura. Huwag din itong subukan kung ika'y may ulcer o hyperacidity.
- Impeksiyon sa tainga o swimmer's ear—Ang swimmer's ear ay impeksiyon sa butas at labas ng tainga. Ito'y nakukuha sa pagligo sa maruming swimming pool o sa dagat. Para gamutin ito, maghalo ng kalahating kutsa ritang sukang puti, kalahating kutsarantang alcohol at kala-hating kutsarantang tubig na malinis. Itagilid ang ulo at ipatak ito sa loob ng tainga. Hayaan itong manutog ng isa hanggang dalawang minuto bago ipatulo ang suka palabas. Gawin ito ng dalawang beses sa maghapon hanggang gumaling ang impeksiyon. Tandaan: Huwag itong gagawin kung butas ang eardrum.
- Alipunga—Ang alipunga ay impeksiyon sa pagitan ng daliri ng paa. Nagbabalat ito at medyo makati din. Nakukuha natin ito kapag laging basa o pawis ang ating paa. Para magamot ito, maghalo ng isang basong sukang puti at isang basong tubig sa isang palanggana. Ibadan ang iyong paa ng 15 minuto, dalawang beses sa maghapon. Tuyoan ang paa maigi pagkatapos ibabad. Puwedeng pahiran ng alcohol ang paa para mapatay din ang mga bacteria. Gawin ito ng ilang araw hanggang sa mawala ang alipunga.
- Vaginal yeast infection—Minsan, ang mga babae ay nagkakaroon ng makati at puting discharge sa kanilang puwerta. Puwedeng makuha ito sa paggamit ng nylon na panty at pantyliner. Kailangan ding laging maghugas pagkatapos umihi o dumumi. Para magamot ito, nagbibigay ang doktor ng anti-fungal suppository. Ngunit kung walang pera, puwedeng maghalo ng isang kutsarang sukang puti sa dalawang basong maligamgam na tubig. Gamitin ito para hugasan ang loob at labas ng puwerta. Gawin ito ng dalawang beses sa maghapon at sa loob ng 5-7 araw. Kapag gumaling na ang impeksiyon, tigilan na ang paghugas sa loob ng puwerta, dahil nakasasama rin ito sa katagalan. Kumain din ng isang tasang Yogurt sa loob ng limang araw para manumbalik ang lactobacillus, ang mga good bacteria ng ating katawan.
- Kulugo o warts—Mahirap gamutin ang kulugo. Mahal ang gastos para magpa-cautery sa doktor. Ang isang home remedy ay ang paggamit ng cotton ball na sinawsaw sa purong sukang puti. Ipatong itong cotton ball sa kulugo at i-tape ng band-aid sa buong magdamag. Siguraduhing basang-basa ang cotton ball ng suka. Medyo mahapdi ito. Gawin ito araw-araw sa loob ng dalawang linggo o lampas pa. Pagkalipas ng ilang araw, mamamaga at mangingitim ang kulugo, bago ito tuluyang matatanggal. Ituloy pa rin ang paglagay ng suka ng ilang araw para hindi bumalik ang kulugo. Maghugas palagi ng kamay para hindi lumipat ang kulugo sa ibang parte ng katawan.
- Balakubak—Maghalo ng isang tasang maligamgam na tubig at isang tasang sukang puti. Mag-shampoo at magbanlaw ng buhok. Pagkatapos ay saka ipahid ang sukang puti sa may puno ng iyong buhok kung nasaan ang balakubak. Hayaan ito ng 30 minutes bago banlawan. Gawin ito ng isa hanggang dalawang beses kada linggo para mabawasan ang balakubak. Kapag hindi pa rin gumagaling, damihan ang halo ng sukang puti at bawasan ang tubig. Remedyo sa matigas na kalyo  
Ang kalyo ay matigas na layer ng balat na nabubuo para protektahan ang iyong balat sa pagkakatigil sa sa pressure.
- Kadalasan ito makikita sa mga kamay at paa. Hindi naman ito nakasasama. Ngunit ang paggamot nito ay kina-kailangan lamang kung nagdudulot ito ng hindi magandang pakiramdam sa iyo. Tips para makaramdam ng ginhawa at makaiwas sa pagkakaroon ng kalyo:
  - Magsuot ng tamang sukat ng sapatos para hindi maipat ang mga daliri—Bumili ng sapatos na malambot ang suwelat. Piliin ang tamang sukat lamang, huwag maliit o malaki ang sapatos. Magsuot ng medyas para hindi kumiskis ang balat.
  - Magsuot ng gloves—Kung mabigat o paulit-ulit ang gawain na ginagamitan ng kamay magsuot nito. Puwede rin lagyan ng padding ang mga bagay na gagamitin tulad ng basahan pang-cover dito.
  - Ibadan ang mga kamay at paa sa maligamgam na tubig—Ang tubig na maligamgam ay nakapag-papa-lambot ng makapal at matigas na kalyo.
  - Gumamit ng panghilod na bato—Sa tuwing matapos maligo, kuskusin ang kalyo ng batong panghilod, o kaya naman ay telang pangkukos para unti-unti itong numipis. Hindi ito inerekomendang gawin para sa may diyabetes.
  - Subukan gumamit ang corn dissolvers na mayroong salicylic acid—Ito ay plaster-pad o kaya naman ay solution. Maaari itong bilhin sa drug store.
  - Gumamit ng moisturizer – Maglagay ng moisturizing cream araw-araw sa iyong mga kamay at paa para mapanatili itong malambot. Kung ang kalyo ay naging mas masakit o namamaga, kumunsulta sa iyong doktor.

## Samahan ng magbababoy sa Paete, tatanggap ng P10-M halaga ng interbensyon, pasilidad mula sa DA-4A

Makakatanggap ang Sagip-Sigla Palay Farmers Association Inc. ng Paete, Laguna ng sampung milyong pisong halaga ng interbensyon at pasilidad mula sa Department of Agriculture IV-CALABARZON (DA-4A) matapos ang ginanap na Memorandum of Agreement (MOA) signing at ground breaking ceremony sa Brgy. Ermita, Paete, Laguna noong ika-31 ng Agosto, 2023.



Ito ay bahagi ng implementasyon ng Integrated National Swine Production Initiatives for Recovery and Expansion (INSPIRE) ng DA-4A Livestock Program. Parte ito ng calibrated repopulation at pagpapalawak ng produksyon sa pamamagitan ng farm clustering at consolidation ng DA-4A. Isang akreditadong grupo o samahan na di bababa sa tatlumpong miyembro, may kumpletong dokumento, may sapat na sukat ng lupang pagtatayuan at pumasa sa assessment ang ilan sa mga kailangan upang makatanggap Bioscured and Climate-Con-

trolled Finisher Operation Facility, 300 bags ng starter feeds, 371 bags ng grower feeds, 300 ulo ng biik, at 53 gallons ng disinfectant, sa ilalim ng nasabing programa.

Samantala, binanggit ni DA-4A Livestock Program Focal Dr. Jerome Cuasay na ang programang ito ay isang napakagandang inisyatibo ng kagawaran upang makabawi ang mga magbababoy ng rehiyon. Dumalo sa nasabing aktibidad sina 4 th District of Laguna Representative Cong. Maria Jamina Katherine Agarao, DA-4A Regional Technical Director for Research, Regulations and ILD Fidel Libao, Agricultural Program Coordinating Officer ng Laguna Annie Bucu, Livestock Focal Person Dr. Jerome Quasay, Paete Municipal Mayor Ronald Cosico, mga representante mula sa Office of the Provincial Veterinarian, at iba pang kawani ng DA-4A.



**EDITOR'S NOTE:**  
All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

**PAHAYAGAN NG Kabitenyo**  
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.  
Email: pahayagannkabitenyo@yahoo.com  
Email: pahayagancavite@gmail.com  
Entered as Second Class Mail at Postal Manila under Permit NO 200305 on May 27, 2003

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**  
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**  
Editor-In-Chief  
**DIOSAN MARUAL**  
**KCEE NACION**  
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**  
Legal Counsel

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year  
Advertising Rate : P200.00/col. cm.  
Legal Rate : P160.00/col. cm.

## Free college education law requires priority treatment of poor

MANILA – The free college education system in state universities and colleges should ensure equity-based access, which can be facilitated by priority treatment of the poor, a lawmaker said on Friday.

Northern Samar 1st District Rep. Paul Daza made the statement in response to Finance Secretary Benjamin Diokno's proposal to review the Universal Access to Quality Tertiary Education Law (Republic Act 10931) to ensure that resources are "optimally allocated."

Daza said the law is not the problem as it is crucial to the vision of alleviating poverty.

He proposed that the priority treatment of the poor will "cure" the inherent "discrimination" in entrance exams in SUCs, wherein graduates from private schools naturally score higher in entrance exams.

"What is needed is to ensure that those who genuinely qualify for free tertiary education, particularly, the poorest, are really the ones benefiting from it," he said.

Diokno, in his proposal, cited the need to



focus on the K-12 curriculum, nationwide screening tests to filter who will be entitled to free college education, provide a four-year voucher for those who passed with an option to choose between public or private university, and reduce the existing number of 117 SUCs in the country through mergers to avoid "wastefulness" and "inefficiency."

But Daza said guidelines for entry in SUCs must be established so that more of the underrepresented groups like children of families in the Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), indigenous groups, rebel returnees, and other marginalized groups are prioritized.

"We can also include children who will be the first in the family who will be able to get a college

degree," he said. "Let's ensure those who qualify for slots in SUCs - UP among them - are really among the poorest. I call on the Commission on Higher Education (CHED) to consult SUCs and Congress and then issue a memorandum on this."

He also highlighted the multiplier effect of education, noting that for every PHP10 of public investment, the gross value added is estimated at PHP46.50 based on estimates from a study in Germany that was adjusted to domestic economic factors.

He called on CHED and the National Economic and Development Authority (NEDA) to come up with their own study on the multiplier effect of free tertiary education.

"There will al-

## Specialty hospitals retain proposed 2024 budget - DBM

MANILA – The 2024 budget for the four specialty hospitals operated by the Department of Health (DOH) was "similar" to their proposed funding, the Department of Budget and Management (DBM) said Friday.

The DBM issued the clarification following reports that the Lung Center of the Philippines (LCP), the National Kidney and Transplant Institute (NKT), the Philippine Heart Center (PHC), and the Philippine Children's Medical Center (PCMC) are facing budget cuts in 2024.

In a statement, the DBM said LCP, NKT and PHC "were allocated a budget that is similar to what they proposed" while the PCMC is the only specialty hospital with a lower budget for next year.

"The Department of Budget and Management seeks to shed light on concerns raised



about the budget adjustments of four specialty hospitals under the PHP5.768 trillion proposed national budget for 2024," it said.

"It is likewise important to note that the specialty hospital's proposed funds for next year were similar to what the DBM included in the National Expenditure Program (NEP) for 2024, except for the PCMC," the DBM added.

The DBM noted that under the 2024 NEP, PHP561.1 million would be given to the LCP, PHP1.243 billion to the NKT and PHP1.821 billion to

the PHC.

It said the proposed fund for PCMC is pegged at PHP1.366 billion, lower compared to the agency's PHP1.393 billion proposal "because of its ICT (information and communications technology)-related proposal with incomplete documentation."

The PCMC failed to submit the Information Systems Strategic Plan to the Department of Information and Communications Technology, according to the DBM. "The Department wishes to emphasize that the government gives high regard

ways be different ways to look at a problem, but getting rid of an important solution because some of its parts are not working well is like saying that we need to throw the whole car because the tires are flat," Daza said.

CHED Chairperson J. Prospero de Vera III earlier underscored the need for equity and financial support for SUCs in the country under the Universal Access to Quality Tertiary Education Act.

He said an admission test for all students desiring to enter higher education should be only equity-driven.

"The public universities need financial support because, especially during Covid, there was a significant shift of enrollment to public universities," he said.

Based on the CHED's data, the participation rate in higher education increased to 41 percent, much higher than 32 percent before the free tertiary education program was rolled out.

De Vera warned that if the funding is left neglected, the quality of higher education may suffer. (PNA)

"There will al-

to specialty hospitals," the DBM said, noting that the four institutions "have been proven beneficial to many Filipinos" for many decades.

The DBM said it would let Congress decide on whether to increase or decrease the proposed funds of government agencies.

Last year, the DBM issued a similar clarification after House Deputy Speaker Ralph Recto claimed that the four specialty hospitals faced "deep and non-superficial budget cuts" under the 2023 NEP.

Refuting Recto's claim, the DBM said the then-proposed 2023 budget for the four specialty hospitals was either raised or unchanged. Under the 2023 General Appropriations Act, PHP835.2 million was allocated to the LCP, PHP1.7 billion to the NKT, and PHP2.1 billion each to the PHC and PCMC. (PNA)

## GUHIT NG KAPALARAN

VIRGO (Agosto 23 - Setyembre 23) – Unting makikilala ka sa larangan na kinabibilangan. Sa pag-ibig, ipadama sa minamahal ang tunay na nararamdaman. Lucky numbers at color for the day ang 4, 13, 30, 41 at tangerine.

LIBRA (Setyembre 24 - Oktubre 23) - Huwag agad-agad gumawa ng desisyon kung hindi tiyak ang sarili. Lucky numbers at color for the day ang 10, 26, 33, 40 at violet.

SCORPIO (Oktubre 24 - Nobyembre 22) - Ti-yakin ang desisyon. Kung mahal mo at mahal ka, go! Lucky numbers at color for the day ang 2, 16, 30, 42 at white.

SAGITTARUS (Nobyembre 23 - Disyembre 21) – Kung ano ang gusto, huwag magpadalos-dalos. Lucky numbers at color for the day ang 9, 16, 25, 40 at gray.

CAPRICORN (Disyembre 22 - Enero 19) – Manatiling mapagkumbaba at huwag magyayabang. Lucky numbers at color for the day ang 6, 18, 26, 37 at green.

AQUARIUS (Enero 20 - Pebrero 18) – Pagbigyan ang sarili na makapaglakbay sa ibang lugar, mag-relax. Lucky number at color for the day ang 4, 7, 24, 36 at orange.

PISCES (Pebrero 19 - Marso 20) – Ang pagpaparaya at pagkamaunawain ay pagmamahal. Lucky numbers at color for the day ang 3, 15, 19, 38 at red.

ARIES (Marso 21 - Abril 19) - Nakakadis-mayang ba-lita ang matatanggap. Piliin pa rin maging happy. Lucky numbers at color for the day ang 4, 18, 24, 35 at maroon.

TAURUS (Abril 20 - Mayo 20) – Para makasiguro sa nais malaman, kausapin mo siya. Lucky numbers at color for the day ang 9, 16, 24, 39 at peach.

GEMINI (Mayo 21 - Hunyo 21) – Mapapalapat ka sa lihim na minamahal. Lucky numbers at color for the day ang 4, 16, 16, 27, 31 at brown.

CANCER (Hunyo 22 - Hulyo 22) – Sa pagkatural ka kukuha ng atensiyon. Tantanang gastos. Lucky numbers at color for the day ang 11, 23, 39, 44 at pink.

LEO (Hulyo 23 - Agosto 22) – May pagkakagastusan, na hindi maiwasan. Maging masinop. Lucky numbers at color for the day ang 17, 24, 39, 41 at sky blue.

## Purchase... from page 8

20% discount sa seniors sa mga health related goods at services pero dito'y di na kailangang iprintang purchase slip booklet. Gayunman sa mga medicine store at iba pang health services ay piliit pa ring hinahanap ang nasabing purchase slip booklet at hindi kinikilala na basta makapagpripinta lamang ng senior citizens ID. "There is an urgent need to clarify the matter and to discontinue the implementation of the purchase slip booklet as a mandatory requirement to avail the 20% discount to prevent further burden to our senior citizens," ayon pa sa solon.

Republic of the Philippines  
Fourth Judicial Region  
REGIONAL TRIAL COURT  
OFFICE OF THE CLERK OF COURT  
AND EX-OFFICIO SHERIFF  
Dasmariñas City, Cavite

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND  
(PAG-IBIG FUND),  
Petitioner/Mortgagee,  
-versus-  
EVELYN P. GALICTO married to  
GREGORIO F. GALICTO,  
Respondents/Mortgagors.  
File No. FC-DC-0993-23  
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real  
Estate Mortgage under Act No.  
3135 as amended by Act No. 4118

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**  
Upon extra-judicial petition for sale under Act No. 3135, as amended by Act No. 4118 filed by the petitioner/mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND), a government financial institution duly organized and existing under and by virtue of Republic Act. No. 9679, with postal address at the Petron Mega Plaza Building No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, against the respondents/mortgagors, EVELYN P. GALICTO married to GREGORIO F. GALICTO, with postal address at #51 Marcela St., Caloocan City; Lot 18, Block 2, Southcrest Village, San Agustin, Dasmariñas City, Cavite and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of 30 May 2023 amounts to FOUR HUNDRED SEVEN THOUSAND ONE HUNDRED TWO PESOS & 20/100 (Php407,102.20), exclusive of legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **October 13, 2023 at 10:00 o'clock in the morning** or soon thereafter in the Court Room of Branch 90, Regional Trial Court, Ground Floor, Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Congressional Road, Buro I, Dasmariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK, in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-753132**  
IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in Municipality of Dasmariñas, Province of Cavite, bounded and described as follows:

A parcel of land (Lot 18 Block 2 of the subd. plan, PSD-042106-061271, being a portion of Lot 3817, Imus Estate, (Rs-042106-001144), LRC Rec. No. ), situated in the Brgy. of San Agustin, Municipality of Dasmariñas, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 17, Blk. 2; on the NE., along line 2-3 by Road Lot 4; on the SE., along lines 3-4 by Lot 19, Blk. 2, all of the subd. plan; and on the SW., along line 4-1 by Lot 3818, Imus Estate. Beginning at a point marked "1" on plan being S. 70 Deg. 55'E., 10.00 m. to point 2; thence S. 13 Deg. 05'E., 5.50 m. to point 3; thence S. 76 Deg. 55'W., 10.00 m. to point 4; thence N. 13 Deg. 05'W., 5.50 m. to the point of beginning; **containing an area of FIFTY FIVE (55) SQUARE METERS.** All points referred to are indicated on the plan and are marked on the ground by P.S Cyl. Conc. Mons. 15x60 cm; bearing true; date of original survey July 27, 1905-June 11, 1908 and that of the subd. survey: Jan. 13 to Feb. 15, 1993 and was approved on March 24, 1993.

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the publication auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **October 27, 2023** at the same time and place without further notice.

Dasmariñas City, Province of Cavite, September 1, 2023.

**GERALD A. FARGAS**  
Sheriff IV

**ATTY. MARCELA L. BAYBAY**  
Clerk of Court IV & Ex-Officio Sheriff

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
FOURTH JUDICIAL REGION  
REGIONAL TRIAL COURT  
OFFICE OF THE CLERK OF COURT  
DASMARIÑAS CITY, CAVITE

NATIONAL HOME MORTGAGE  
FINANCE CORPORATION (NHMFC),  
Petitioner/Mortgagee,  
-versus-  
NORBERTO G. ESTEBAN,  
Respondent/Mortgagor.  
File No. FC-DC-0962-23  
EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE OF  
REAL ESTATE MORTGAGE UNDER  
ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**  
